



Tulong sa Biktima ng Krimen

Ang mga epekto ng krimen sa mga indibiduwal at pamilya ay maaaring mapanantala at pangmatagalan. Hangad ng mga biktima ang tulong at kompensasyon sa pamamagitan ng Office for Victims of Crime ng Department of Justice.

TANONG: Ano ang kompensasyon para sa biktima?

Ang kompensasyon sa biktima ay nagkakaloob ng mga benepisyo sa mga indibiduwal at ang mga nabubuhay na miyembro ng pamilya na naging mga biktima ng krimen na maaaring kabilang ang domestic abuse, assault, sexual abuse, pagnanakaw, papapaslang, stalking, child abuse at kahirapang magmaneho. Ang pagpopondo para sa mga benepisyo at serbisyo ng tulong sa biktima ay pinamamahagi sa bawat estado ng Office para sa Victims of Crime (OVC) sa Department of Justice . Ang mga gastusin na may kinalaman sa krimen na covered ay nag-iiba iba ayon sa estado, pero karaniwang tinutukoy bilang mga medikal na gastusin, sa counseling, at paglilibing na mga gastusin, at ang mga nawalang suweldo o kawalan ng suporta. Ang iba pang maaaring mabayaran pabalik na gastusin ay kinabibilangan ng pagpapalit ng mahahalagang personal na ari-arian (salamin sa mata, cash, damit), paglilinis ng pinangyarihan ng krimen, limitadong day care o mga gastusin sa after school, transportasyon na kinakailangan para makapunta sa korte, mga gastusin sa paglipat at pasamantalang matutuluyan.

Ang mga brochure na nagbibigay ng detalye ng tulong na tiyak sa krimen at nagbabalangkas kung ano ang dapat gawin kung maging biktima at nagbibigay ng mga link sa karagdagang mga mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon sa bansa ay matatagpuan sa OVC na website (<https://ovc.ojp.gov/sites/g/files/xyckuh226/files/pubs/helpseries/index.html>)

TANONG: Ano ang mga serbisyo para sa biktima ng krimen?

Ang mga di emergency na program ay nilikha para higit pang matulungan ang mga biktima ng krimen sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagan na mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong na higit pa sa direktang kompensasyon kasama na ang access sa lokal na mga support group, mga serbisyong legal at pagsasalin-wika, at emergency na shelter. Ang mga tagapagtanggol ay maaari rin tumulong sa mga indibiduwal na magsampa ng mga claim para sa kompensasyon sa mga tanggapan ng estado at kasabay ng mga ito ang pagdalo sa korte. Ang mga serbisyo para sa biktima ng krimen ay ipinagkakaloob ng mga pampublikong ahensya at pribadong organisasyon na madalas na nakakatanggap ng pagpopondo sa pamamagitan ng mga grant ng OVC.

Isang database ng libo-libong mga programa ng serbisyo para sa mga biktima ng krimen ay maaaring gamitin para maghanap at ma-filter ayon sa estado, krimen, at mga serbisyo sa OVC website (<https://ovc.ojp.gov/directory-crime-victim-services/search>) .

TANONG: Paano ako mag-a-apply para sa kompensasyon ng biktima ng krimen?

Sa bawat estado, kasama ng District of Columbia, Guam, the Virgin Islands at Puerto Rico, ay namimigay ng mga pondo para sa tulong sa biktima at mga programa ng kompensasyon.

Kailangan mong mag-apply para sa mga benepisyo sa estado o territory kung saan naganap ang krimen. Ang mga tiyak na patakaran ay nag-iiba iba, ayon sa limitasyon ng takdang panahon na kung saan dapat ma-ulat ang krimen sa pulis para maging karapat-dapat para sa kompensasyon. Kung ikaw ay isang biktima ng krimen, agad na konsultahin ang mga requirement sa pagiging karapat-dapat sa iyong estado para matiyak na hindi mo nakakaligtaan ang mga deadline sa pag-uulat. At, para maging karapat-dapat para sa pagpopondo, dapat makipagtulungan ang mga indibiduwal sa mga gawain na kinakailangan sa proseso ng pagdedemanda.

Isang mahahanapan na directory ng mga opisina ng OVC sa estado ay maaaring matagpuan sa National Association of Crime Victim Compensation Boards website (<https://nacvcb.org/state-information/>) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 703-780-3200.

TANONG: Covered ba ang aking mga gastusin?

Ang mga benepisyo sa kompensasyon ay binibigay makalipas na ang iba pang mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong, kasama na ang mga polisa sa kalusugan at insurance, at/o workers' compensation, ay naubos na. Ang caps sa mga compensation awards ay nag-iiba iba ayon sa estado, kasama ng mga tiyak sa krimen na mga gastusin na covered sa ilalim ng batas ng estado.

TANONG: Paano kung naging biktima ako ng krimen habang nasa labas ng Estados Unidos?

Ang mga mamamayan ng Amerika na naging mga biktima ng krimen habang nasa abroad ay dapat makipag-ugnayan sa Office of Overseas Citizens Services (<https://travel.state.gov/content/travel/en/international-travel/emergencies/crime.html>) sa U.S. Department of State para makakuha ng tulong. Tumawag sa 1-888-407-4747 (mula sa Estados Unidos o Canada) o 202-501-4444 (mula sa ibang bansa,) o hanapin ang pinakamalapit na embassy o consulate (<https://www.usembassy.gov/>) kung saan ang emergency na tulong ay available buong araw at magdamag.

Dagdag pa dito, ang International Terrorism Victim Expense Program (<https://ovc.ojp.gov/program/international-terrorism-victim-expense-reimbursement-program-itverp/about-itverp>) ay nagsasauli ng naibayadsa mga mamamayang Amerikano na nagdusa ng direktang physical o emotional na pinsala mula sa mga pangyayari ng internasyonal na terorismo. Ang mga kuwalipikadong gastusin ay kinabibilangan ng medical na paggagamot, counseling, pansamantalang matutuluyan, transportasyon, at paglilibing na mga gastusin. Ang ilang mga

estado ay maaari rin bigyang kompensasyon ang mga biktima ng mararahas na krimen na naranasan sa ibang bansa.

TANONG: Ano ang abiso sa biktima?

Ang Victim Notification System ng Department of Justice ay nagbibigay abiso sa mga biktima ng pederal na krimen para sa mga naka-schedule na pagpunta sa korte at mga kinahantungan nito, at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa katayuan sa kustodya ng may sala at ang pagpapalabas dito. Ang mga biktima ay nakakatanggap ng electronic at nakasulat na mga update at, makalipas matanggap ang PIN number, ay maaari rin ma-access ang impormasyon sa katayuan sa pamamagitan ng pagtawag sa VNS Call Center sa 1-866-365-4968 o pagbisita sa website nito.

TANONG: Mayroon bang tiyak na tulong para sa mga senior citizen?

Maraming iba pang mga pambansa at lokal na pinagkukuhana ng impormasyon at tulong na handang magagamit para makatulong sa mga indibiduwal na may edad na 60 at mas matanda pa na mga biktima ng krimen. Ang National Elder Fraud Hotline (<https://ovc.ojp.gov/program/stop-elder-fraud/providing-help-restoring-hope>) ay naghahandog sa mga senior ng libreng tulong sa pag-uulat ng fraud, kasama na ang email extortion, sweepstakes schemes, at scams kung saan ang mga di kilalang indibiduwal nagpapanggap bila isang apo na nangangailangan ng pera. Ang mga caseworkers ay itinatalaga sa bawat tumatawag at maaaring ikonekta sa mga indibiduwal na may karagdang mga mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon ayon sa bawat kaso. Makipag-ugnayan sa hotline Lunes – Biyernes, 10 a.m. hanggang 6 p.m. EST, sa 1-833-372-8311.

Ang Long-Term Care Ombudsman Program (<https://acl.gov/programs/Protecting-Rights-and-Preventing-Abuse/Long-term-Care-Ombudsman-Program>), na pinamamahalaan ng the Administration for Community Living sa Department of Health and Human Services, ay nagtatanggol sa ngalan ng mga residente na naninirahan sa mga nursing home, assisted living facilities at iba pang mga residential care home. Ang mga posibleng pag-aabuso na maaaring i-ulat sa isang ombudsman ay maaaring kabilang ang physical, verbal, at mental na pag-aabuso; mahinang kalidad ng pag-aalaga; at di wastong paggamit ng mga chemical at physical restraint (pampigil). Isang database state ombudsmen ay maaaring matagpuan sa National Consumer Voice for Quality Long-Term Care website (https://theconsumervoice.org/get_help).

Ang Adult Protective Services (APS) ay social service agencies na may legal na awtoridad na imbestigahan ang mga ulat ng posibleng abuso na nakaka-apekto sa mga adult na may malaking physical at/o mental na kahinaan o kahirapan. Ang APS ay nag-iimbestiga sa mga ulat ng abuso sa mga pribadong tahanan sa bawat estado; sa ilang mga estado, ang APS ay nag-iimbestiga rin sa mga ulat ng pag-aabuso sa nursing home at assisted living facilities. Isang pambansang database ng mga lokal na opisina ay available sa National Adult Protective Services Association website (<http://www.napsa-now.org/get-help/help-in-your-area/>).

TANONG: Saan ako makakahanap ng tulong at lubos pang matututunan ang tungkol sa tulong sa mga biktima ng krimen?

Para sa malawakang listahan ng mga hotline sa bansa, at para lubos pang malaman ang tungkol sa mga available na serbisyo at dulugan para sa mga biktima ng krimen, kumonsulta sa Help for Victims: Helplines List (<https://ovc.ojp.gov/help-for-victims/toll-free-helplines.pdf>)

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: U.S. Department of Justice's Office for Victims of Crime, National Association of Crime Victim Compensation Boards, U.S. Department of State's Office of Overseas Citizens Services, National Elder Fraud Hotline, Long-Term Care Ombudsman Program, Adult Protective Services.

Gusto mong may makausap?

Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 9 am-8 pm EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa <https://www.christopherreeve.org/tl/get-support/ask-us-anything/form>

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayon na gamitin bilang medikal na diagnosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusupportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na \$8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.